**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**MALACAÑANG PRESS BRIEFING OF PALACE PRESS OFFICER AND UNDERSECRETARY ATTY. CLAIRE CASTRO**
**February 27, 2025 [11:16 A.M – 12:00 P.M.]**

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Magandang umaga, Malacañang Press Corps. Welcome sa ating press briefing ngayong araw, February 27, 2025. Ako po ay handa nang sumagot sa inyong mga katanungan.

**PCO USEC. DE VERA:** First question, Jean Mangaluz/PhilStar.

**JEAN MANGALUZ/PHILSTAR:** Hi! Good morning po.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Good morning, ma'am.

**JEAN MANGALUZ/PHILSTAR:** The NBI recently arrested two Chinese spies and three Filipinos for spying on Malacañang Palace. How is the Palace responding to this? Can we expect the Palace to double security following these threats?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Yes, of course, nakakaalarma po talaga iyang balita na iyan, at pagpupursigihin pa po natin at paiigtingin po natin ang ating puwersa para po masugpo ang mga sinasabi at napagbibintangang spies. At kailangan po talaga na mas maigting ang seguridad ng ating Palasyo at, of course, ng Pangulo.

**JEAN MANGALUZ/PHILSTAR:** Following this development, does the President have a decision on the citizenship of Li Duan Wang, the Chinese national who's vying for a Filipino citizenship?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Yes, kung matatandaan natin, itong si Li Duan Wang, siya iyong Chinese citizen na nagkaroon ng proposed bill na na-grant or na-approve ng Senado at ng House para siya ay mabigyan ng … at ma-grant ang kaniyang naturalization or mabigyan ng certificate of naturalization.

Okay, mayroong tumutol dito, si Senator Risa Hontiveros because mayroon diumanong red flag dahil sa link sa POGO. Sa ngayon po ay hinihintay po natin ang enrolled bill, at ang Pangulo po ay pag-aaralang mabuti ang nasabing enrolled bill, at hintayin po natin kung ano ang magiging desisyon niya. At pangako po ng Pangulo ay aaralin po ito nang mabuti bago po ito mapirmahan or kung ito man ay mabi-veto. So, hintayin po natin ang kaniyang aksiyon.

**PIA GUTIERREZ/ABS-CBN:** Hi, ma'am. Speaking of Senator Risa Hontiveros, she expressed alarm recently over the resurgence of POGOs almost two months after the ban on POGOs took effect. Sabi niya, na-reinvent lang daw itong mga POGOs na ito into other scam operations. Ano po ang ginagawa ng Palasyo tungkol dito?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Makikipag-ugnayan po tayo sa ating mga ahensiya na dapat na tumugis kung mayroon pa pong mga POGOs dito na siyang nagtatrabaho, nag-o-operate ng walang lisensiya. Obligasyon po ng gobyerno na tugisin ang mga ito dahil sila po ay iligal. Makakaasa po kayo ng mabilisang aksiyon dito.

**PIA GUTIERREZ/ABS-CBN:** And also, ma'am, she also pointed on the resurgence ng mga text scam messages na patuloy pa rin daw po after the ban on POGOs. Ano po ang gagawin din natin dito?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Maliban po siguro sa magiging aksiyon ng Palasyo at ng gobyerno, magiging …pagpupursigihin po rin natin na maiayos iyong batas patungkol dito dahil sa ngayon po, iyong batas patungkol sa SIM card registration, ito po ay isang dahilan kung bakit nagkakaroon pa po ng ganitong klaseng mga text scams. Dapat po ito ay masuri muli para po maging epektibo ang batas na ito.

**PIA GUTIERREZ/ABS-CBN:** Last na lang, ma'am. Si Senator Risa kasi, she was pointing on several loopholes doon sa EO 74 na kailangan daw po dapat ma-address?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Anong partikular iyong EO 74?

**Q:** [OFF MIC] SIM card registration.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Ah, iyong SIM card. Okay, SIM card. Iyon nga po, kahit noon pa po sinasabi natin ay mukhang mayroon po talagang loopholes ang nasabi—maski na po iyong batas na sinabi nga po, ang pagri-register nito ay maaaring gawing online, at ito ang naging sanhi ng problema kung bakit hindi naging maayos ang pagrirehistro at patuloy pa rin po ang mga pagrirehistro kahit po sinabi nila, iyong mga tao ay kahit mga monkeys ay nakakapagrehistro. So, ito po ay talagang kung tutuusin ay paglapastangan sa batas natin. Pero mas maganda po talaga na pag-usapang mabuti paano maaayos ang batas na ito.

**PIA GUTIERREZ/ABS-CBN:** She was talking about iyong particular provision doon sa EO that excludes online game of chance conducted in PAGCOR operating casinos, iyong mga licensed casinos and junket agreements po.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Dahil po ngayon ay nagkakaroon po ng problema ayon sa balita, paiigtingin po natin at pag-aaralin pa po nating mabuti kung ano pa ang dapat gawin. Katulad po ng aking sinabi, mabilisan pong aksiyon ito dahil hindi po talaga dapat nananatili rito ang mga iligal na operasyon ng POGO.

**ACE ROMERO/PHILSTAR:** So, Usec., follow-up lang doon. So, will Malacañang push for amendments to the law on POGO and the law on the SIM card registration given those problems that you mentioned earlier?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** We have not yet talked about that. But as a lawyer, kailangan po talaga na magkaroon ng amyenda especially doon sa SIM card registration. Kailangan po na ang pag-register dito katulad po kapag kayo ay kumukuha ng driver's license – personal po kayong pumupunta. Kahit kapag pumunta po kayo at kumuha ng NBI clearance, pumupunta po kayo ng personal. Kakayanin po natin itong marehistro nang tama ang mga SIM cards para maiwasan po iyong mga ganitong klaseng scams na kahit na lang sino ay bumibili ng SIM card; may bayad, bumibili sa iba, binibenta ang kanilang identity, mahihirapan po tayong sugpuin ang krimen kapag po ganoon ang nangyari.

**ACE ROMERO/PHILSTAR:** So, it's accurate to say that Malacañang is open to amendments to both the laws on SIM card registration and POGOs?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Kung iyan po ang makakabuti sa interes ng taumbayan, gagawin po natin at kami po ay magiging tulay din po para po ito ay masawata at maayos.

**LETH NARCISO/DZRH:** Follow-up lang po doon, ma'am. Kasi kung binabanggit po ninyo na iyong registration dapat ay gawin doon sa mga ahensiya or offices, hindi po ba taliwas iyon doon sa gusto ng Marcos administration na digitalization?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Ah, okay. Okay, mayroon kayong—ang polisiya at ang pinu-push po ng ating Pangulo, at least magkaroon na po ng 95% na transaction, digitalized transactions especially sa government. Bakit? Para po mas mabilis ang transaksiyon, halimbawa po kayo ay umuutang sa bangko, hindi po masyadong mahihirapan dahil digitalized na lahat.

Pero ang pinapatungkulan ninyo po ay patungkol kay—

**LETH NARCISO/DZRH:** SIM card po registration.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Ah, sa SIM card. What do you mean, hindi ko makuha po iyong inyong tanong.

**LETH NARCISO/DZRH:** Sabi ninyo po kasi iyong SIM card registration ay online. So, dapat [unclear]

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Okay, okay. That will be a different issue. Mas dapat paigtingin natin iyong tamang pagrehistro. Kasi po kapag ito naman ay ginawa nating online, mangyayari po ulit itong nangyari na maling pagrirehistro, kahit sino na lamang po ay nagri-rehistro, maraming binibiling SIM cards at ibinibenta sa mga sindikato. Iyon po ang dapat nating ayusin, so dapat po talaga kung magrirehistro ng SIM card, dapat personal.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Good morning, ma'am, ito po siguro ang hinihintay ninyong tanong, tungkol kay DOTr Secretary Vince Dizon. Opo. Iyon nga po, what is the Palace's take on the recent actions of the new DOTr Secretary Vince Dizon, like suspension of cashless transactions sa expressways and then suspension of PUV modernization, which are parang contrary po doon sa sinusulong ni Presidente nga na digitalization at saka iyong modernization ng ating transport system?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Yes, katulad ng sinabi ko nga kanina, ang pinu-push po ng Pangulo ay magkaroon ng at least 95% na digitalized transactions lalung-lalo na sa gobyerno.

Pero ngayon pa lang po ay katatalaga ni Secretary Vince Dizon, so dapat po rin natin siyang bigyan ng pagkakataon para aralin po ito; may mga issues po, especially sabi nga niya po ay kailangan nating gawing perpekto iyong expressway system natin. So, pagbigyan po muna natin ang ating bagong appointed, newly appointed secretary of DOTr, Vince Dizon, at kapag po ito ay kaniyang naaral ay maaari po siyang magbigay ng report kung kinakailangan talaga ay hundred percent na dito sa expressway payment, cashless expressway payment.

At makikita po natin kasi ang kaniyang punto kaya dapat din pong pag-aralan ito. Ang sabi po niya, mahihirapan po talaga na hundred percent sa lahat ng expressway toll na cashless. May pagkakataon po kasi na malamang ay wala po kayong cash at that time o naka-deposit na amount sa inyong RFID cards, mahihirapan po … ibig po kayang maging result nito ay mag-penalize or magkakaroon ng penalty? So, tingnan po natin kung paano po itong aaralin ni Secretary Dizon ay siya po ay magbibigay ng kaniyang assessment at report sa ating Pangulo patungkol dito.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Iyong sa PUV modernization, ma'am?

**PCO USEC. CASTRO:** Oo. Muli, marami pong stakeholders na kakausapin si Secretary Dizon. Aalamin niya kung saan maaaring magkaroon ng negotiation at hindi naman niya po pinapasubali na kailangan po talaga ng PUV modernization. So, mas maganda po na tingnan po muna natin kung ano ang kaniyang magiging aksiyon, bigyan po natin siya ng tamang panahon para maaral ito. Mahirap po kasi—Ngayon, ilang araw na po ba siya? Two weeks? Parang ganoon pa lang po 'no. So, hayaan po natin muna maaral at saka po siya magbigay ng kaniyang assessment at evaluation sa Pangulo.

**PCO ASEC. DE VERA:** Anne Soberano, Bombo Radyo.

**ANNE SOBERANO/BOMBO RADYO:** Usec., good morning. Reaction lang po from the Palace sa ginawang pagkuwestiyon ni Dr. Tony Leachon sa zero government subsidy sa PhilHealth sa Supreme Court? First time po daw ito sa history ng Pilipinas na hindi binigyan ng importansiya ni Presidente ang kalusugan ng bawat Pilipino. Ano pong take ng Palace dito?

**PCO USEC. CASTRO:** Mayroon pong mga dahilan dito kung bakit po naging zero subsidy ang mga mambabatas natin. Pakinggan na lang po muna natin kung ano po ang magiging desisyon ng Supreme Court. Kung sasabihin po ng Supreme Court na dapat po na ibalik ang subsidy mula sa gobyerno, tutuparin po natin iyan at magku-comply po tayo kung anuman po ang sasabihin ng Supreme Court.

**PCO ASEC. DE VERA:** Christian Yosores, Radyo 630

**CHRISTIAN YOSORES/RADYO 630:** Good morning po, Usec. Recently po, Solicitor General Menardo Guevarra challenged the ICC na instead na pilitin iyong Philippine government na makipagtulungan sa kanilang investigation sa drug war, ibigay na lang sa gobyerno natin iyong mga hawak nilang ebidensiya or information kung talagang gusto nilang makatulong doon sa probe sa drug war. Does the Palace agree on SolGen's statement?

**PCO USEC. CASTRO:** Sa ngayon po, lumalabas po ng ang sinabi po ni OSG Guevarra ay kaniya lamang po na opinyon. We have to standby by the statement of Executive Secretary Lucas Bersamin. Nandoon pa rin po ang ating polisiya na wala pong jurisdiction ang ICC sa ngayon. But kapag po humingi ng tulong ang Interpol, magku-comply po tayo at tutulong po tayo. Iyon pa lamang po ang pinakahuling pronouncement ng Palasyo.

**PCO ASEC. DE VERA:** Eden Santos, NET25.

**EDEN SANTOS/NET25:** Ma'am, going back po doon sa POGO issue. Sabi po ni Secretary Jonvic Remulla yesterday na iyong magulang noong batang dinukot po sa Taguig, iyong estudyante sa isang international school ay Chinese national and a former operator po ng POGO. Ang tanong lang po: Bakit po nananatili pa sila dito sa Pilipinas at nakapag-aral pa sa isang international school gayung pina-ban na nga po iyong POGO at lahat po noong involved doon ay pinapakasuhan at pinapa-deport?

**PCO USEC. CASTRO:** AS of now, wala po tayong detalye kung ano po iyong identity or iyong talagang complete na personal circumstances noong binabanggit ninyo pong Chinese national. Sila po ba ay walang dokumento as of now para sila po ay makapag-stay? Kung wala po silang dokumento, we have to check on that; hindi po tayo maaaring magsalita against them, kailangan

natin ng dokumento. Kung sila ay walang dokumento rito at nakakapag-aral pa, malaking kuwestiyon po iyan at dapat po natin talagang imbestigahan.

**EDEN SANTOS/NET25:** Thank you po.

**PCO ASEC. DE VERA:** Alvin Baltazar, Radyo Pilipinas.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Usec., magandang umaga po. Follow up lang po doon sa tanong ni Ate Eden. Sabi ninyo po kanina magiging mabilis iyong aksiyon natin laban sa POGO. Does this include iyong order natin sa Bureau of Immigration na bilisan/paspasan iyong pagpapa-deport doon sa mga kinakailangan nang mai-deport?

**PCO USEC. CASTRO:** Isasama po natin iyan. Sa tamang panahon, sa tamang aksiyon, magagawa po natin lahat iyan. Basta po siguro iyong mga detalye pong ito, kung iyong mga requirements ay na-comply na po para po sila ma-deport, lahat po iyan ay gagawin natin.

**PCO ASEC. DE VERA:** Evelyn Quiroz, Pilipino Mirror.

**EVELYN QUIROZ/PILIPINO MIRROR:** Good morning, Usec. Doon lang po sana sa mga sunud-sunod na illegal POGOs na nahuli ng PAOCC sa Pasay. First, mayroon po bang direktiba ang Pangulo dito at as a lawyer po, mayroon po bang liability ang mga LGU officials, dahil naisyuhan po ito ng mga permits?

**PCO USEC. CASTRO:** Aalamin po natin kung hanggang saan po ang naging partisipasyon ng mga opisyal ng LGU. Kung nabigyan po ito ng permit kahit wala pong tamang dokumento at lumalabas po na lahat itong mga taong ito na nagkaroon po ng tsansang makapagtrabaho sa Pilipinas, malamang ay hindi lamang po mga opisyal ng LGU ang maaaring managot. Kailangan po nating ma-trace kung paano nakapasok ang mga foreigners, Chinese nationals in particular or may iba pa ‘no, may iba pa pong mga foreign nationals at ito po ay pag-aaralan natin makikipagtulungan po tayo sa lahat ng ahensiya para masugpo ito and at the same time, mapanagot ang dapat mapanagot.

**PCO ASEC. DE VERA:** Alvin Baltazar, Radyo Pilipinas.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Usec., on another issue. Medyo naging kontrobersiyal iyong sa busway, Usec., ano. Ngayon, mukhang nagri-request yata ang Philippine National Police na ma-exempt sila in case of… during emergencies, magamit din iyong busway. Anong reaksiyon dito ng Palace, Usec.?

**PCO USEC. CASTRO:** Kung hindi ako nagkakamali, mayroon naman pong probisyon dito na kapag po in case of emergency and on duty, allowed naman po silang gumamit ng busway, EDSA Busway. Pero dapat lamang po, ito ay mapatunayan; hindi po ito maaaring maabuso at gagamitin lang po iyong salitang “emergency.” So, bago po sila gumamit ng busway, siguraduhin lamang po nila na hindi nila aabusuhin iyong ibinigay sa kanilang karapatan na gumamit ng busway dahil gamit lamang ang salitang “emergency.”

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Does this include iyong mga emergency meeting?

**PCO USEC. CASTRO:** Kapag po kasi sinabi natin na miyembro ng PNP, ambulansiya, fire truck – hindi po kasama doon iyong emergency meeting. Kung may emergency meeting, mas maganda po umalis sila nang maaga sa kanilang bahay.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Salamat po, Usec.

**PCO ASEC. DE VERA:** Anna Bajo, GMA News Online.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Good morning, ma'am. Ma'am, may we just get your reaction on the recent pronouncement of Vice President Sara Duterte in an indignation rally in Cebu, she said na may karapatan ang mga Pilipino na magalit sa gobyerno.

**PCO USEC. CASTRO:** Unang-una, nakakalungkot po na mula sa pangalawang pinakamataas na lider ng bansa ay mukha pang nag-i-encourage siya sa mga tao na magalit sa gobyerno. Noong nalaman po ito ng Pangulo ay wala po siyang naging reaksiyon dito dahil hindi nga po ito dapat nanggagaling sa pangalawang pinakamataas na lider ng bansa.

Ang tanong lamang po: Noong panahon ba ng kaniyang ama, nagsabi rin po ba siya na maaari po kayong magalit lalong-lalo na po noong ang kaniyang ama ay nabansagan at nabigyan po at kinilala bilang "most corrupt" noong 2017. Natatandaan ninyo po ba iyon noong—noong 2016 ay runner up lang si Pangulo bilang "most corrupt"; siya ay kinilala ng Organized Crime and Corruption Reporting Project pero noong 2017 ay nag-level up si dating Pangulong Duterte at siya na po iyong naging awardee at kinilala ng People of the Year being the most corrupt.

At inamin din naman po niya sa kaniyang statement, ni Pangulong Duterte, na siya ay corrupt at siya ay nagnakaw – pero naubos na nga lang. Natatandaan ninyo po ba iyon because mayroon pa po ako ditong statement niya, okay? So, ang tanong lamang natin: Iyon ba ay hindi niya man lang nasabi na dapat na mayroong karapatan ang taong magalit? And at the same time, wala po tayong nadinig sa Pangulo kahit ano pa ang naging diumanong anomalya ng DepEd sa pamumuno ni VP Sara lalong-lalo na noong nasayang ang pondo sa mga pagkaing nabulok lang na intended sana sa mga estudyante, lalong-lalo na sa mga maralitang estudyante.

So, being the Vice President, siya bilang Vice President, mas maganda po sana kung siya po ay mag-i-encourage sa mga tao na makipagtulungan na lang instead of having this feeling of hatred against the government. Mas maganda po na sabay-sabay sana tayong umangat kaysa sa may mga ibang tao na gustong magpabagsak ng gobyerno.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Ma'am, she's arguing that it's part of freedom of expression.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Yes, wala po tayong masasabi kung kaniyang ini-express ang kaniyang damdamin pero bakit naman ngayon lang, mas marami naman din pong nangyari noong panahon ng kaniyang ama? So, parang ang pag-encourage po ba niya na magalit ang tao ay mayroon po ba itong link doon sa sinasabing destabilization at pinapatungkulan palagi na ang taumbayan ay dapat nang kumilos laban sa gobyerno.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Ma'am, nabanggit ninyo po kanina wala pong reaksiyon si Presidente, so nakakausap ninyo po ba siya tungkol sa mga ganito, kapag may banat po iyong mga Duterte's against him?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Tinanong po natin iyan sa PCO na nakipag-usap kay Pangulo dahil tinanong natin dahil definitely alam natin na ito ay magiging issue. Ang tinanong po natin, "Ano po ba ang reaksiyon ni Pangulong Marcos?" Kilala po natin ang Pangulo, hindi siya agad-agad nagri-react sa mga ganito kaya hayaan na lang natin dahil siguro iniisip niya ang suggestion

na ito ni VP Sara na okay lang magalit sa gobyerno ay isang napakawalang kuwentang suhestiyon.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Thank you, ma'am.

**MARICEL HALILI/NEWS 5:** Ma'am, magandang umaga po. Ma'am, you mentioned earlier about destabilization, what do you mean by that? Mayroon po ba kayong natanggap na information anything about destab?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Wala tayong pormal na impormasyon na may destabilization but mapapansin po natin sa kanilang mga statements kapag sila ay nagra-rally – nag-uudyok sila ng galit, nag-uudyok sila sa mga tao na ito ang paniwalaan dahil ang gobyerno ngayon ay abusive at excessive – doon pa lamang po ay makikita natin, mararamdaman natin kung saan sila papunta.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Usec., follow up lang po doon sa issue – iyon bang ganoong mga pronouncements/statement, being a lawyer, Usec., pupuwedeng mai-classify as inciting to sedition?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Hindi pa po, maybe one step towards that; pero hindi pa po.

**ALVIN BALTAZAR/RADYO PILIPINAS:** Salamat po, Usec.

**SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR:** Good morning, ma'am. Na-mention po nila na mas gusto po nila sana na si Vice President Sara Duterte na mag-focus doon sa mga statements na makakatulong productive for the government. Pero si President Marcos po in his campaign rallies nag-issue din po siya ng mga criticisms doon sa previous administration parang against doon sa nakaraang president. Hindi po ba na dapat same na kung gusto ng unity ng Malacañang na statement of unity from Vice President Sara Duterte, should that policy also apply to President Marcos?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Tandaan natin kung mapapansin ninyo at kung matatandaan ninyo, ang mga nabanggit sa una, kickoff rally ng pangulo, ay naaayon naman sa records, naaayon naman sa pangyayari. At ang isa sa pinag-usapan na natin ito, ang tingin natin sa isa pinakanag-trigger ay iyong patungkol sa nagdi-deliver ng suka. Tandaan nga natin, inuulit ko, walang pinangalanan ang Pangulo dito at noong sila ay sumagot muli, hindi po ba karapat-dapat din na sumagot ang Pangulo na naaayon din naman po sa kaniyang mga records, sa kaniyang mga naobserbahan.

Hindi lamang po kasi dapat ang ibang partido o ibang tao ang maaaring magsalita patungkol dito. Karapatan din po ng Pangulo na magsalita kung ano po iyong kaniyang damdamin. Ito naman din po ay para mapakita sa tao kung ano ba iyong katotohanan. Mahirap po na iyong isang parte lang ang sumusuntok, kailangan din po tayong sumangga.

**SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR:** Tapos on another matter, ma'am, recently ay nakipag-meeting po si First Lady Liza Marcos doon sa some Cabinet officials regarding sa preparation po for the ASEAN Summit. Ano na po iyong update doon sa preparation ng government for the ASEAN Summit? May budget na po pala para doon sa 2026?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Actually, pinag-uusapan pa po iyan. Nakausap ko po kanina iyong mga naghahanda—sa Media Affairs lang po tayo ha. Iyong Committee on Media Affairs and

Strategic Communications, as of now po, mayroon na po silang nagawa, mayroon na po silang masterplan at mayroon na rin po silang technical working group within the PCO.

So, kahapon po ay nadinig ko rin po si Secretary Jay kausap po ang ibang mga opisyales patungkol po sa preparasyon sa ASEAN Summit sa darating na taon.

**SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR:** Bale may magiging official capacity po kaya si First Lady doon sa preparation natin for the ASEAN Summit?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Wala pa po akong alam sa ngayon. Itatanong po natin kung ano po kaya ang magiging papel kung mayroon man ni First Lady.

**SAM MEDENILLA/BUSINESSMIRROR:** Thank you po, ma'am.

**IVAN MAYRINA/GMA 7:** Usec., kahapon nabanggit ni Secretary Remulla na utos ng Pangulo na tugisin iyong mga nasa likod ng kidnapping noong 14-year-old student na pinutulan ng daliri. Baka may maidadagdag ho kayo, what are the President's thoughts on this particular crime specially it being extra chilling and extra disturbing na ginawa po sa bata iyon? And I would like to ask that question on the context of apparently may pinu-push pong narrative that the peace and order situation currently is deteriorating not just in Metro Manila but in the entire country.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Okay. Itong nangyari na kidnapping na ito, ilang kidnapping na ba ang napabalita nating ganito? Kung isa pa lamang po ang nangyaring ganito, of course hindi po natin kagustuhan ang pangyayaring ito kaya po pag-iigihan pa ng ating mga ahensiya na ito ay ma-prevent, ma-stop, mahinto. Pero para sabihin na iyong crime rate natin ay tumataas, prevailing na – hindi po iyon tama. Kung papansinin po natin maaari nating ikumpara ang mga pangyayari sa naunang administrasyon at saka sa nangyayari ngayon.

Mas maganda po sana magbase tayo sa data, statistics. Kung pagbibigyan ninyo po ako, hihingi po ako ng data sa mga susunod na araw para po mabigay natin sa inyo kung ano ba talaga iyong numero ng ganitong klaseng mga krimen na nangyayari sa atin.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Ma'am, sorry, baka may reaction lang tayo sa 'China keeps on pressing the Philippines to withdraw the missile system from the South China Sea' – iyong kahapon, ma'am, na sinasabi po nila.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Uulitin pa rin po natin ang pinakahuling pronouncement ng pangulo, hindi po nagbabago ang Pangulo sa kaniyang pronouncement – mayroon po siyang mga demands – kung gustong mag-demand po ng China, mayroon po tayong counter demand diyan; pareho pa rin po ng ating stance, ang Pangulo ganoon pa rin po ang kaniyang stance.

**ANNA BAJO/GMA NEWS ONLINE:** Thank you, ma'am.

**TUESDAY NIU/DZBB:** Hi, ma'am. Follow up lang po doon sa klase ng pangangampanya ni Presidente sa mga campaign rally na sumasagot sabi ninyo nga kanina hindi naman puwedeng suntok lang nang suntok kailangan din ninyong sumalag. Pero kailan po kaya masasaksihan ng publiko iyong the real platform na ikinakampanya ng bawat panig, eh sa tuwing nangangampanya po kasi may batuhan ng kung anu-ano. Ang hinahanap na po ng tao ngayon ay iyong kung ano iyong kayang maipatupad noong ating mga kumakandidato. So, when will we expect the President na ganoon naman iyong kaniyang maging tema sa mga campaign rallies instead of nagpaparinig or nagpapasaring?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Sa lahat po ng campaign rallies na napuntahan po ng Pangulo, ang mga kandidato niya po mismo, ang kaniyang mga sinusuportahang kandidato ang nagsasabi kung ano ang kanilang magiging program, ang kanilang magiging proyekto para sa ikauunlad ng bayan at sa ikauunlad ng taumbayan.

Siguro po, kailangan lang po talaga paminsan-minsan ang ating Pangulo ay maging transparent din siya sa kaniyang saloobin at para po maipahatid din sa mga tao na he is not and will never a weak leader.

**JEAN MANGALUZ/ PHILSTAR:** Hi po, Attorney. You mentioned earlier that the President didn't react when there were alleged anomalies on the Vice President Sara, when she was DepEd secretary, tama po? So, but was the Palace taking cognizance of these alleged anomalies at that time that they were happening. And outside of the impeachment trial, is it possible for the Vice President to face investigations for possible corruption at the DepEd?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Of course, ma'am, ito naman po ay nasa news na po, ito po ay recorded. Iyong pondo na nagamit sa pagkain na dapat na ibibigay sana sa mga estudyante naka-record po iyan, na ito po ay nasira lang at hindi nakaabot sa mga estudyante. So, kung niri-recognize po ba ito ng Palasyo, nasa record naman po iyan.

Mayroon pang second question, ano iyon?

**JEAN MANGALUZ/ PHILSTAR:** Outside of the impeachment trial, can she face investigation for alleged anomalies like that, outside of the impeachment trial?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Actually po, nasa COA po ito, ang COA po ang nagkaroon ng pag-iimbestiga po dito. So, kung mayroon pa pong additional na pag-iimbestiga dahil sa nangyaring anomalya, wala pa po tayong masasabi sa ngayon. So, hayaan na po muna natin ang COA na magbigay sa atin ng complete record para if ever na ito ay maging final na at wala namang tututol sa naging pag-iimbestiga rito, maaari po—maaari po na magkaroon tayo ng panibagong pag-iimbestiga para rito.

**ALEXIS ROMERO/ PHILIPPINE STAR:** Usec., just for the record: Bakit po hindi nagsalita si Pangulong Marcos about the supposed issues or corruption issues sa DepEd during the time of the Vice President when she was a close ally of the administration?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Hindi po kasi siya iyong tao na maninira ng kaniyang leader, iyong kaniyang mga kasama sa pamahalaan. Hahayaan niya lamang po mismo ang tamang otoridad, ang tamang ahensiya na mag-imbestiga rito. Hindi po siya kahit kailanman magsasabi sa taumbayan na puwede po kayong magalit kay ganito, kay ganyan. Hindi po iyon ang pagkatao ng Pangulo.

**ALEXIS ROMERO/ PHILIPPINE STAR:** So, given now na medyo bumaba—no, not medyo, talagang bumabanat na ang Pangulo sa dating administration, ibig sabihin ba nito ay may napatunayan na with regard to the leadership of the Vice President sa DepEd?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Ang binanggit ko lamang po kanina ay patungkol sa nabubulok na pagkain na dapat ay napunta sa mga estudyante. Iyan po naman ay given na, napatunayan na po iyon.

**ALEXIS ROMERO/PHILIPPINE STAR:** So, mayroon na nga?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Mayroon po, mayroon po iyong records.

**ALEXIS ROMERO/PHILIPPINE STAR:** Salamat po.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE:** Ma'am, are amenable sa pagbibigay o pagpapatong ng sanction doon sa mga officials na dumadaan sa busway kapag napatunayan na hindi ito emergency ang reason nila?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Opo, ang Palasyo po ay ayaw po ng abuso. Definitely po, kung sino iyong dapat managot kung may pang-aabuso ay dapat lamang pong managot. Hindi po ito-tolerate ng Palasyo ang mga abusong gawain, kung mayroon.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE:** Anong sanction po probably, because you are a lawyer?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** As of now po ay maari po iyang pag-usapan dahil ang penalty lamang po kapag po diyan dumaan ay tinitiketan lamang at 5,000 na fine. Siguro, maaari pong pag-usapan iyan, especially po kung ang nagba-violate ay mga public servants.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES TONITE:** Yes, ma'am, another question. Alam natin, ma'am, na maraming fake news, kasi, ma'am, fake news po ba iyong kumakalat na video ninyo regarding doon sa pag-umanoy pagwawala ninyo sa…[overlapping]?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Ah, maganda iyon, maganda iyan. Okay, hindi na ito salita ng Palasyo at ng Pangulo, ako na ito, ako na ito. Okay, if given a chance to do that again, I will. Why? Because I did that for justice, maybe iyong nakikita ninyong video, that's 2015. Can you see my face there, look younger. That's 2015. Why nila pinalabas ito, ini-Splice? Dahil ayaw nila ako siguro na manatiling tagapagsalita rito ng Palasyo.

Una, ang kuwento niyan, mayroong dalawang mag-sing irog na hindi na nagkaayos. Iyong bata naiwan sa bahay noong babae – flight stewardess iyong babae – iniwan sa driver. Noong tumawag ang school sa tatay, nalaman niya wala iyong nanay, kinuha iyong bata sa bahay na kasama lang ang driver; first child niya iyon.

Now, noong dumating iyong nanay, nagalit dahil hindi sila okay noong tatay. Now, kausap ko iyong babae, ang sabi makikipagkita sa kliyente kong lalaki dahil pina-psychologist nag-undergo ng psychological evaluation, child psychological evaluation iyong bata. Magkikita sila, ipo-promote ko na po, sa SM San Lazaro, umiinom ng kape, ulitin ko uli kung saan, Starbucks, magkikita sila noong lalaki, pumayag ako para magkaayos, okay. After that, bigla na lang, I just came from a hearing na [unclear] case in Parañaque.

So, ayoko na sanang pumunta sa police station, but my husband said, 'let's go'. So, pumunta ako, wala sila, nagpa-medical yata, so I told to the relatives, ito pa, cool lang ha, cool. But anyway, I was there with the relatives, sabi ko doon sa pulis lahat naka-civilian, walang naka-uniform habang nag-aresto. Sabi ko 'saan po iyong warrant of arrest?', ano po ang complaint? Hindi ako pinapansin, I introduced myself as a lawyer, hanggang umabot kami sa women's desk. Pagkatapos noon, tinuro sa akin noong kliyente ko kung sino iyong lalaking humatak sa kaniya, so I was asking for his name, tinalikuran ako.

So ngayon, sabi ko doon sa isang babaeng pulis, okay – ano ang complaint? I deserved to know that, I was the counsel. Walang complaint, walang warrant of arrest and my client was not doing any crime. You know guys, what are the reasons or causes for a warrantless arrest, you know that – there should be, at least the guy or the accused or the suspect, should have been committing a crime or there is reasonable belief that he had committed the crime. But none, he was just drinking coffee. And there was a text from the guy that she was amenable to be intimate unli-intimacy. So, how could there be violation against women and children.

So, when I was there, I talked to the Colonel, I forgot the name of the colonel, parang bossing nila. Sir, wala itong warrant of arrest, walang complaint, walang—And then after that, it was not—the problem with Inquirer.net at that time – Sinong Inquirer dito? Hindi ko alam kung sino iyon ha – hindi niya lahat kinuha iyong kuwento. She did not even ask me. Nag-viral lang, kinuha niya agad noong ako na ay huhulihin. But before that, I talked to the officers. Sabi ko, "Sir, walang warrant ito." And then, one of the officers doon, nadinig ko noong nasa labas na kami, sabi ng ibang mga pulis, "Ipakulong mo na iyan, ipakulong mo na iyan!" Na-Splice ito, na-Splice ito: Ang sabi ko, ipagtanggol ang kliyente ko, ipakulong mo ako, anong kasalanan ko?" Iyon siguro iyong nakita ninyo o hindi o na-Splice. Oh, iyan, na-Splice iyan. So, if you want to get the original copy niyan, pero siyempre putul-putol na rin iyon, edited, sa Inquirer.net. That's 2015, September. Alam ni Ms. Pia iyan.

Hindi nga ako …wala nga akong penalty at that time sa ano eh, ABS-CBN, sa DZMM, I was allowed to …. 'Di ba, otherwise, kung mayroon akong mali, I would not be allowed to go on air. And then after that—oh iyan, that's 2015. Iyan ang panoorin ninyo, hindi iyan Splice. Okay? So, at that time, ang sabi ko walang warrant of arrest, walang complaint. Doon pa lang sila gagawa ng complaint. So, sabi nung isa – namayapa na iyong isang pulis – sabi niya doon sa pulis na babae, "Anong gusto mo?" Sabi niya, "Ipakulong iyan." The problem is, kinulong ako—hindi kulong, it's detain. Diniteyn [detained] ako, my husband and my secretary. Why? Eh kung ako lang naman ang gust0 nila dahil lumaban ako – hindi naman lumaban, nangatuwiran ako – eh di ako lang, bakit mo isasama ang asawa ko? Bakit mo isasama iyong secretary ko, hindi ba?

So, hindi iyon nakuha ng Inquirer.net; iyan lang. I was not even interviewed, what happened, 'di ba? And the title … oo, the title, sa umpisa pa lang niyan, iyong comment pa lang niyan, marami nang nag-bash doon sa gumawa ng title. Okay, again, hindi iyon iskandalo; that's a fact. It's a fact. So, if you will be my client and you will experience the same, I will do again, I will do it again and again and again for justice.

Noong nandidiyan ako, na-detain ako, sabi ko, "Okay lang, parang si Jose Rizal. Hero lang ang dating." So, pampalubag ng loob kasi nandiyan ako, 'di ba. Iyan lang po, iyan lang. So, huwag po kayong maniwala doon sa mga na-Splice na video. So iyan, that's the truth. Okay?

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Ma'am?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Yes, ma'am?

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Another one.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Parang ang haba ng kuwento ko doon ha.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Ma'am, iyong regarding dito, napapaulat na diumano'y kapatid ninyo si France Castro. Is this a fake news? At mayroon daw …this is a part of demolition job against you?

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Demolition job itong tape iyong tape na ito, iyong video na ito?

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** No, no, lahat ng lumalabas.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Oh, definitely. You can assess that. They want me out, the soonest, 'di ba. And about Congressman France Castro, if ever na naging kamag-anak ko siya, I will be proud. The problem is, hindi eh. So, pati ba si Fidel Castro ng Cuba ay kamag-anak ko? Well, I have a brother, iyong tatay ko pinangalanan siyang Fidel A. Castro. Pero iyong taga-Cuba, hindi ko tatay iyon, 'di ba. So, lahat ba ng Castro dito ay kamag-anak ko? But if they will acknowledge me as their relative eh di, okay lang, 'di ba. Wala namang masama doon.

**VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES:** Thank you, ma'am.

**PCO USEC. ATTY. CASTRO:** Okay na? Okay na. Wala na? Dito nagtatapos ang ating briefing, maraming salamat, Malacañang Press Corps, at magandang umaga.

###